REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
CONGRESS OF THE PHILIPPINES
SENATE

# Journal of the Senate

FIFTEENTH CONGRESS
FIRST REGULAR SESSION
2010 - 2011

*Begun and held at the Session Hall of the Senate, GSIS Building, Pasay City, on Monday, July 26, 2010*

## Session No. 1
Monday, July 26, 2010

### CALL TO ORDER

Pursuant to Section 15, Article VI of the Constitution, the First Regular Session of the Senate of the Fifteenth Congress of the Philippines was declared open on July 26, 2010, 10:29 a.m., at the Senate Session Hall, GSIS Building, Pasay City, with Senate Secretary Emma Lirio-Reyes presiding.

### PRAYER

Sen. Edgardo J. Angara led the Body in prayer, to wit:

> Father Almighty, we stand before You today a new Congress. As we open the First Session of the Fifteenth Congress, we ask that You breathe new life and inject fresh energy into this Chamber.
>
> We pray at this crucial juncture that we all look beyond our partisanship and differences and let our diversity be a source of strength rather than a source of conflict. Let not the traditions of independence and integrity of the Senate be sacrificed.
>
> Inspire in us a sense of urgency and commitment so that we may undertake reforms that spell the difference between life and death for 20 million Filipinos who have only recently gone hungry.
>
> Grant this Chamber the energy, creativity and wisdom to translate our peoples' aspirations into meaningful policies and plans, and to lift their living standards.
>
> Amen.

## NATIONAL ANTHEM

The Senate Choir led the singing of the national anthem and thereafter rendered the song, entitled *Lupang Hinirang.*

## MOTION OF SENATOR SOTTO

Senator Sotto moved for the designation of former Senate President Franklin Drilon as the temporary President.

Senator Arroyo asked why there was a need to designate a temporary President when the Body could very well proceed with the election of Senate President.

## SUSPENSION OF SESSION

Upon motion of Senator Sotto, the session was suspended.

*It was 10:37 a.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

At 10:38 a.m., the session was resumed.

## DESIGNATION OF TEMPORARY PRESIDENT

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, Senator Drilon was designated as the temporary President.

Thereafter, the Senate Secretary relinquished the Chair to Senator Drilon.

## DESIGNATION OF TEMPORARY MAJORITY LEADER

With the permission of the Body, the Chair designated Sen. Juan Miguel Zubiri as temporary Majority Leader.

## COMELEC RESOLUTION NOS. NBC 10-003 AND 10-004

Upon motion of Senator Zubiri, there being no objection, the following Comelec resolutions were deemed read into the Record of the Senate:

- Comelec Resolution No. NBC 10-1003 proclaiming the first nine out of 12 winning candidates as duly elected Senators of the Republic:

  1. BONG REVILLA, Ramon Jr., B.
  2. ESTRADA, Jinggoy E.
  3. DEFENSOR SANTIAGO, Miriam P.
  4. DRILON, Franklin M.
  5. ENRILE, Juan Ponce
  6. CAYETANO, Pilar Juliana S.
  7. MARCOS, Ferdinand Jr. R.
  8. RECTO, Ralph G.
  9. SOTTO, Vicente III C.

- Comelec Resolution No. NBC 10-004 proclaiming the three remaining duly elected Senators of the Republic:

  1. OSMEÑA, Sergio III D.
  2. LAPID, Manuel M.
  3. GUINGONA, Teofisto III D.

Senator Zubiri stated that copies of said resolutions were earlier distributed to the Members.

## COLLECTIVE OATHTAKING

Thereafter, Senator Pangilinan administered the oath to the 12 newly elected senators.

## ROLL CALL

Upon direction of the Chair, Secretary Reyes called the roll, to which the following senators responded:

| | |
|---|---|
| Angara, E. J. | Lapid, M. L. M. |
| Arroyo, J. P. | Legarda, L. |
| Cayetano, A. C. P. S. | Marcos Jr., F. R. |
| Cayetano, C. P. S. | Osmeña III, S. R. |
| Drilon, F. M. | Pangilinan, F. N. |
| Ejercito Estrada, J. | Rector, R. G. |
| Enrile, J. P. | Revilla Jr., R. B. |
| Escudero, F. J. G. | Sotto III, V. C. |
| Guingona III, T. D. | Villar, M. |
| Honasan, G. B. | Zubiri, J. M. F. |

With 20 senators present, the Chair declared the presence of a quorum.

Senator Lacson was absent.

Senator Defensor Santiago was on sick leave.

Senator Trillanes was unable to attend the session as he was under detention.

## ELECTION OF SENATE PRESIDENT

Upon motion of Senator Zubiri, there being no objection, the Body proceeded to the election of the Senate President.

## NOMINATION REMARKS OF SENATOR LEGARDA

For the position of Senate President, Senator Legarda nominated Sen. Juan Ponce Enrile, whom she acknowledged as the most senior member of the 15th Congress who has had more than 50 years of extensive experience in public service, having served both the Executive and Legislative branches of government; whose vast experience, expertise, insights and wisdom have provided a better perspective for all of the younger members of the Chamber in the deliberation of vital pieces of socially responsive legislation; and who has in the past two years effectively and wisely looked after the welfare of the Senate as an institution, its Members and the employees who are the backbone of the institution, as well as that of the Filipino people.

## NOMINATION REMARKS OF SENATOR ARROYO

Senator Arroyo underscored the importance of a Minority in the Senate which, he noted, was apparently absent in light of news reports of a supposed coalition to elect the Senate President.

He recalled that in 1987, owing to the popularity of then President Corazon Aquino, 22 members of her party were elected, leaving only then Sen. Joseph Ejercito Estrada and Senator Enrile as members of the Minority.

Thereafter, Senator Arroyo nominated Sen. Alan Peter Cayetano as Senate President, for he believed that the election of a member from the Minority is a necessity that cannot be dispensed with in order to maintain a healthy Senate—a Senate not beholden to anyone, and a Senate that is free to act according to its Members' conscience and not because of certain rulings.

Senator Arroyo believed that Senator Enrile did not seek the job of the Senate presidency. He noted that it was the Liberal Party, to which President Aquino belongs, that chose Senator Enrile to head the institution after finding itself reduced to a Minority. He stated that he could not agree to such a situation because otherwise, there would never be a Minority. It was for that reason, he said, that he was nominating Senator Cayetano (A) for the position of Senate President.

## CLOSING OF THE NOMINATION

There being no other nomination, upon motion of Senator Zubiri, there being no objection, the Chair declared the nomination for the position of Senate President closed.

## NOMINAL VOTING

Pursuant to Section 2, Rule II of the Rules of the Senate, upon direction of the Chair, the Secretary called the roll for nominal voting.

## RESULT OF THE VOTING

The result of the voting was as follows:

*For Senator Enrile:*

| | |
|---|---|
| Angara | Marcos |
| Cayetano (A) | Osmeña |
| Drilon | Pangilinan |
| Ejercito Estrada | Recto |
| Escudero | Revilla |
| Guingona | Sotto |
| Honasan | Villar |
| Lapid | Zubiri |
| Legarda | |

*For Senator Cayetano (A):*

Arroyo
Cayetano (P)
Enrile

With 17 senators voting for Senator Enrile and three senators voting for Senator Cayetano (A), the Chair declared Senator Enrile as the elected President of the Senate.

## OATHTAKING OF THE SENATE PRESIDENT

Witnessed by Mrs. Cristina Ponce Enrile, former Pres. Joseph Ejercito Estrada, and Vice-Pres. Jejomar Binay, Senator Enrile took his oath of office as President of the Senate before Senator Drilon.

Thereafter, Senator Drilon relinquished the Chair to Senate President Enrile.

## ACCEPTANCE SPEECH OF SENATE PRESIDENT ENRILE

Accepting his election as Senate President, Senate President Enrile delivered his acceptance speech, as follows:

> First, I would like to thank all of you for being present on this historic occasion.
>
> Your excellencies, distinguished guests, ladies and gentlemen of the Senate:
>
> Allow me, first of all, to extend to you my gratitude and appreciation for your support and generosity in elevating me, for this second time, to the highest position in this Senate of the people. I never expected nor had I anticipated that you will accord me such an honor and distinction. I am deeply grateful to all of you.
>
> What happened here today is unique in the long political history of our country. We have set aside the partisan political divide that separates us to arrive at a consensus to elect the head of this House.
>
> This noble act is not my triumph. It is yours. It portrays your patriotism as responsible leaders of the country and your devotion to the interest and welfare of our country and people. It also signals the unity that is sorely needed by our country today. It is a sign of the emerging spirit in our land and augurs well for our national community. The Senate will be strengthened no doubt by this singular act of unity amongst each member.
>
> On my part, I do not consider myself as a superior. I am your *primus inter pares*, your co-equal whom you selected to administer the affairs of the institution.
>
> In accord with your mandate and trust, I shall discharge my duties and responsibilities with honor, with total devotion to our institution and with fairness to all members of this House.
>
> No partisan consideration will blur or color the treatment of any member of this Senate under my charge.
>
> We are all senators elected by the people of our country to serve them with dedication to their interest and well-being and devotion to our responsibilities as leaders of this land.
>
> You and I, not I alone, will uphold the independence and integrity of the Senate. But in doing so, we shall do so, without abandoning our duty to cooperate with the other departments of the government to achieve what is good for our people. That is our mission.
>
> We must dedicate our time and energy for them and we must guard with all our might and honor the sacred trust they have reposed in us.
>
> We have to work together along with the other leaders of our country to address the problems of this nation.
>
> I cannot reciprocate enough the honor you have done me. Nothing that I can do will be enough to show my gratitude to you. All I can promise and do will be to be faithful to your trust.
>
> Thank you and God bless you all.

## ELECTION OF THE SENATE PRESIDENT PRO TEMPORE

Thereafter, the Body proceeded to the election of the Senate President Pro Tempore.

## NOMINATION REMARKS OF SENATOR REVILLA

In nominating Senator Ejercito Estrada for the position of President Pro Tempore, Senator Revilla stated that the Senator is one of his best friends, one of the most hardworking senators and a very distinguished public servant.

He believed that Senator Ejercito Estrada will complement the leadership of Senate President Enrile and will continue to articulate the sentiments of the people. He said that the Senator's experience as Senate President Pro Tempore will guide him in his continuous service to the Chamber and to the Filipino people.

## CLOSING OF THE NOMINATION

There being no other nomination, upon motion of Senator Zubiri, there being no objection, the Body closed the period of nomination.

## ELECTION OF SENATOR EJERCITO ESTRADA AS SENATE PRESIDENT PRO TEMPORE

Thereupon, the Chair declared the election by acclamation of Senator Ejercito Estrada as Senate President Pro Tempore.

## OATHTAKING OF SENATOR EJERCITO ESTRADA

Witnessed by his parents, former Pres. Joseph Ejercito Estrada and former Sen. Luisa Ejercito Estrada, Senator Ejercito Estrada took his oath of office as Senate President Pro Tempore before Senate President Enrile.

## SUSPENSION OF SESSION

With the permission of the Body, the Chair suspended the session.

*It was 11:10 a.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

At 11:10 a.m., the session was resumed.

## ELECTION OF THE CHAIRMAN OF THE COMMITTEE ON RULES

Upon motion of Senator Zubiri, there being no objection, the Body proceeded to the election of the Chairman of the Committee on Rules.

## NOMINATION REMARKS OF SENATOR HONASAN

Senator Honasan stated that it was his honor, privilege and pleasure to nominate Senator Sotto, a man for all seasons and a friend to all, as Chair of the Committee on Rules. He said that Senator Sotto's character has been defined by God, country and family. He added that to him, Senator Sotto is not only a friend but also a brother.

## CLOSING OF THE NOMINATION

There being no other nomination, upon motion of Senator Zubiri, there being no objection, the Chair declared the nomination for the Chairman of the Committee on Rules closed.

## ELECTION OF SENATOR SOTTO AS CHAIRMAN OF THE COMMITTEE ON RULES

Thereupon, the Chair declared the election by acclamation of Senator Sotto as Chairman of the Committee on Rules.

## OATHTAKING OF SENATOR SOTTO

Witnessed by his wife and Senator Honasan, Senator Sotto took his oath of office as Chairman of the Committee on Rules before Senate President Enrile.

## SUSPENSION OF SESSION

With permission of the Body, the Chair suspended the session.

*It was 11:17 a.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

At 11:17 a.m., the session was resumed.

## MINORITY LEADER

At this juncture, Senator Sotto manifested to the record that Senator Cayetano (A) is the acknowledged Minority Leader.

## ELECTION OF THE SECRETARY OF THE SENATE

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Chair declared the election of the Secretary of the Senate in order.

Senator Sotto nominated Atty. Emma Lirio-Reyes as the Secretary of the Senate.

There being no other nominee for the position, the Chair declared the election of Atty. Emma Lirio-Reyes as Secretary of the Senate.

## OATHTAKING OF THE SECRETARY OF THE SENATE

Atty. Emma Lirio-Reyes took her oath of office as Secretary of the Senate before Senate President Enrile.

## ELECTION OF THE SERGEANT-AT-ARMS OF THE SENATE

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Chair declared the election of the Sergeant-at-Arms of the Senate in order.

Senator Sotto nominated Maj. Gen. Jose V. Balajadia, Jr. as the Sergeant-at-Arms of the Senate.

There being no other nominee for the position, the Chair declared the election of Maj. Gen. Jose V. Balajadia, Jr. as Sergeant-at-Arms of the Senate.

**OATHTAKING OF THE SERGEANT-AT-ARMS OF THE SENATE**

Maj. Gen. Jose V. Balajadia, Jr. took his oath of office as Sergeant-at-Arms of the Senate before Senate President Enrile.

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 1**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Body considered Proposed Senate Resolution No. 1, entitled

RESOLUTION INFORMING HIS EXCELLENCY, THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES, THAT THE SENATE HAS BEEN ORGANIZED WITH THE ELECTION OF ITS OFFICERS AND THAT THIS BODY HAS ENTERED UPON THE EXERCISE OF ITS FUNCTIONS FOR THE FIRST REGULAR SESSION OF THE FIFTEENTH CONGRESS OF THE PHILIPPINES.

With the permission of the Body, only the title of the resolution was read without prejudice to the insertion of its full text into the Record of the Senate.

**ADOPTION OF PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 1**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, Proposed Senate Resolution No. 1 was adopted by the Body.

**PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 2**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Body considered Proposed Senate Resolution No. 2, entitled

RESOLUTION INFORMING THE HOUSE OF REPRESENTATIVES THAT THE SENATE HAS BEEN ORGANIZED WITH THE ELECTION OF ITS OFFICERS AND THAT THIS BODY HAS ENTERED UPON THE EXERCISE OF ITS FUNCTIONS FOR THE FIRST REGULAR SESSION OF THE FIFTEENTH CONGRESS OF THE PHILIPPINES.

With the permission of the Body, only the title of the resolution was read without prejudice to the insertion of its full text into the Record of the Senate.

**ADOPTION OF PROPOSED SENATE RESOLUTION NO. 2**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, Proposed Senate Resolution No. 2 was adopted by the Body.

**MESSAGE FROM THE HOUSE OF REPRESENTATIVES**

Senator Sotto informed the Body that the Senate was in receipt of a message from the House of Representatives.

Upon direction of the Chair, the Secretary read the Message from the House of Representatives, to wit:

CONCURRENT RESOLUTION PROVIDING FOR THE SENATE AND THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO HOLD A JOINT SESSION TO HEAR THE MESSAGE OF THE PRESIDENT OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES.

**HOUSE CONCURRENT RESOLUTION NO. 2**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Body considered House Concurrent Resolution No. 2, entitled

CONCURRENT RESOLUTION PROVIDING FOR THE SENATE AND THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO HOLD A JOINT SESSION TO HEAR THE MESSAGE OF THE PRESIDENT OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES.

Secretary Reyes read the text of the resolution, to wit:

> *Resolved by the House of Representatives of Representatives, the Senate concurring,* that both Houses of Congress of the Republic of the Philippines hold a Joint Session on Monday, July Twenty-six, Year Two Thousand and Ten, at four o'clock in the afternoon at the Session Hall of the House of Representatives, to hear the message of the President of the Republic of the Philippines.

**ADOPTION OF HOUSE CONCURRENT RESOLUTION N0. 2**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, House Concurrent Resolution No. 2 was adopted by the Body.

**SENATE CONCURRENT RESOLUTION NO. 1**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Body considered Senate Concurrent Resolution No. 1, entitled:

> CONCURRENT RESOLUTION CREATING A JOINT COMMITTEE OF THE SENATE AND THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO NOTIFY THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES THAT CONGRESS, NOW CONVENED FOR ITS FIRST REGULAR SESSION OF THE FIFTEENTH CONGRESS OF THE PHILIPPINES, IS READY TO HEAR HIS STATE OF THE NATION ADDRESS IN A JOINT SESSION OF BOTH HOUSES.

Secretary Reyes read the text of the resolution, to wit:

> *Resolved by the Senate, the House of Representatives of the Philippines concurring,* that a Joint Committee of both Houses of Congress be created, composed of ten members, five to be appointed by the President of the Senate and five to be appointed by the Speaker of the House of Representatives, to notify the President of the Philippines that Congress, now convened for its First Regular Session of the Fifteenth Congress of the Philippines, is ready to hear his State of the Nation Address in a Joint Session of both Houses.

**ADOPTION OF SENATE CONCURRENT RESOLUTION N0. 1**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, Senate Concurrent Resolution No. 1 was adopted by the Body.

**JOINT COMMITTEE TO NOTIFY THE PRESIDENT**

Pursuant to Senate Concurrent Resolution No. 1, Senate President Enrile appointed Senators Drilon, Zubiri, Recto, Marcos and Cayetano (P) as members of the Joint Notification Committee, on the part of the Senate.

**MANIFESTATION OF SENATOR SOTTO**

Senator Sotto requested the Members to remain inside the Session Hall for a photo session. He also invited the senators to witness the opening of the photo exhibit after the suspension of the session.

**SUSPENSION OF SESSION**

Upon motion of Senator Sotto, there being no objection, the Chair declared the session suspended until four o'clock in the afternoon for the Joint Session of Congress, after which, the session of the Senate shall be considered adjourned until three o'clock in the afternoon of the following day.

*It was 11:34 a.m.*

*Joint Session held at the Session Hall of the House of Representatives, Quezon City.*

At 3:57 p.m., the Secretary General of the House of Representatives announced the arrival of the President of the Philippines.

**OPENING OF THE JOINT SESSION**

The President of the Senate and the Speaker of the House of Representatives declared the joint session open at 3:59 p.m.

**NATIONAL ANTHEM AND PRAYER**

The national anthem was sung by the House of Representatives Chorale, followed by a prayer led by representatives of the different religious groups.

## THE STATE OF THE NATION ADDRESS

The President of the Philippines, Benigno C. Aquino III, delivered his State of the Nation Address, to wit:

Speaker Feliciano Belmonte; Senate President Juan Ponce Enrile; Vice President Jejomar Binay; Chief Justice Renato Corona; Former Presidents Fidel Valdez Ramos and Joseph Ejercito Estrada; members of the House of Representatives and the Senate; distinguished members of the diplomatic corps; my fellow workers in government;

Mga minamahal kong kababayan:

Sa bawat sandali po ng pamamahala ay nahaharap tayo sa isang sangandaan.

Sa isang banda po ay ang pagpili para sa ikabubuti ng taumbayan. Ang pagtanaw sa interes ng nakakarami; at pagkapit sa prinsipyo; at ang pagiging tapat sa sinumpaan nating tungkulin bilang lingkod-bayan. Ito po ang tuwid na daan.

Sa kabilang banda ay ang pag-una sa pansariling interes. Ang pagpapaalipin sa pulitikal na konsiderasyon, at pagsasakripisyo ng kapakanan ng taumbayan. Ito po ang baluktot na daan.

Matagal pong naligaw ang pamahalaan sa daang baluktot. Araw-araw po, lalong lumilinaw sa akin ang lawak ng problemang ating namana. Damang-dama ko ang bigat ng aking responsibilidad.

Sa unang tatlong linggo ng aming panunungkulan, marami po kaming natuklasan. Nais ko pong ipahayag sa inyo ang iilan lamang sa mga namana nating suliranin at ang ginagawa naming hakbang para lutasin ang mga ito.

Sulyap lamang po ito; hindi pa ito ang lahat ng problemang haharapin natin. Inilihim at sadyang iniligaw ang sambayanan sa totoong kalagayan ng ating bansa.

Sa unang anim na buwan ng taon, mas malaki ang ginastos ng gobyerno kaysa sa pumasok na kita. Lalong lumaki ang *deficit* natin, na umakyat na sa *P196.7 billion.* Sa *target* na kuleksyon, kinapos tayo ng *P23.8 billion*; ang tinataya namang gastos, nalagpasan lang natin ng *P45.1 billion.*

Ang *budget* po sa 2010 ay *P1.54 trillion.*

Nasa isandaang bilyong piso o anim at kalahating porsyento na lang ng kabuuan ang malaya nating magagamit para sa nalalabing anim na buwan ng taong ito.

Halos isang porsyento na lang po ng kabuuang *budget* ang natitira para sa bawat buwan.

Saan naman po dinala ang pera?

Naglaan ng dalawang bilyong piso na *Calamity Fund* bilang paghahanda para sa mga kalamidad na hindi pa nangyayari. Napakaliit na nga ng pondong ito, ngunit kapapasok pa lang natin sa panahon ng baha at bagyo, *P1.4 billion* o sitenta porsyento (70%) na ang nagastos.

Sa kabuuan ng *P108 million* para sa lalawigan ng Pampanga, *P105 million* nito ay napunta sa iisang distrito lamang.

Samantala, ang lalawigan ng Pangasinan na sinalanta ng *Pepeng* ay nakatanggap ng limang milyong piso (P5M) lamang para sa pinsalang idinulot ng bagyong *Cosme*, na nangyari noong 2008 pa.

Ibinigay po ang pondo ng Pampanga sa buwan ng eleksyon, pitong buwan pagkatapos ng *Ondoy* at *Pepeng*. Paano kung bumagyo bukas? Inubos na ang pondo nito para sa bagyong nangyari noong isang taon pa. Pagbabayaran ng kinabukasan ang kasakiman ng nakaraan.

Ganyan din po ang nangyari sa pondo ng MWSS. Kamakailan lamang, pumipila ang mga tao para lang makakuha ng tubig. Sa kabila nito, minabuti pa ng liderato ng MWSS na magbigay ng gantimpala sa sarili kahit hindi pa nababayaran ang pensyon ng mga retiradong empleyado.

Noong 2009, ang buong *payroll* ng MWSS ay *P51.4 million.* Pero hindi lang naman po ito ang sahod nila; may mga *additional allowances* at *benefits* pa sila na aabot sa *P160.1 million.*

Sa madaling sabi, nakatanggap sila ng *P211.5 million* noong nakaraang taon.

Beinte-kuwatro porsyento (24%) lang nito ang normal na sahod, at sitenta'y sais porsyento ang dagdag.

Ang karaniwang manggagawa hanggang *13$^{th}$ month pay plus cash gift* lang ang nakukuha.

Sa MWSS, aabot sa katumbas ng mahigit sa tatlumpung buwan ang sahod kasama na ang lahat ng mga *bonuses* at *allowances* na nakuha nila.

Mas matindi po ang natuklasan natin sa pasahod ng kanilang *Board of Trustees*. Tingnan po natin ang mga *allowances* na tinatanggap nila:

Umupo ka lang sa *Board of Trustees* at *Board Committee meetings*, katorse mil na. Aabot ng nobenta'y otso mil ito kada buwan.

May *grocery incentive* pa sila na otsenta mil kada taon.

Hindi lang iyon: may *mid-year bonus, productivity bonus, anniversary bonus, year-end bonus,* at *financial assistance.* May *Christmas bonus* na, may *Additional Christmas Package* pa. Kada isa sa mga ito, nobenta'y otso mil.

Sa suma total po, aabot ang lahat ng dalawa't kalahating milyong piso kada taon sa bawat miyembro ng *Board* maliban sa pakotse, *technical assistance,* at pautang. Uulitin ko po. Lahat ng ito ay ibinibigay nila sa kanilang mga sarili habang hindi pa nababayaran ang mga pensyon ng kanilang mga *retirees.*

Pati po ang *La Mesa Watershed* ay hindi nila pinatawad. Para magkaroon ng tamang *supply* ng tubig, kailangang alagaan ang mga *watershed.* Sa *watershed,* puno ang kailangan.

Pati po iyon na dapat puno ang nakatayo, tinayuan nila ng bahay para sa matataas na opisyal ng MWSS.

Hindi naman sila agad maaalis sa puwesto dahil kabilang sila sa mga *midnight appointees* ni dating Pangulong Arroyo.

Iniimbestigahan na natin ang lahat nang ito. Kung mayroon pa silang kahit kaunting hiya na natitira – sana kusa na lang silang magbitiw sa puwesto.

Pag-usapan naman po natin ang pondo para sa imprastraktura. Tumukoy ang DPWH ng dalawandaan apatnapu't anim na *priority safety projects* na popondohan ng *Motor Vehicle Users Charge.* Mangangailangan po ito ng *budget* na *P425 million.*

Ang pinondohan po, dalawampu't walong proyekto lang. Kinalimutan po ang dalawandaan at labing walong proyekto at pinalitan ng pitumpung proyekto na wala naman sa plano. Ang hininging P425 million, naging P480 million pa, lumaki lalo dahil sa mga proyektong sa piling-piling mga benepisyaryo lang napunta.

Mga proyekto po itong walang saysay, hindi pinag-aralan at hindi pinaghandaan, kaya parang kabuteng sumusulpot.

Tapos na po ang panahon para dito. Sa administrasyon po natin, walang kota-kota, walang *tongpats,* ang pera ng taumbayan ay gagastusin para sa taumbayan lamang.

Meron pa po tayong natuklasan. Limang araw bago matapos ang termino ng nakaraang administrasyon, nagpautos silang maglabas ng *P3.5 billion* para sa rehabilitasyon ng mga nasalanta nina *Ondoy* at *Pepeng.*

Walumpu't anim na proyekto ang paglalaanan dapat nito na hindi na sana idadaan sa *public bidding.* Labingsiyam sa mga ito na nagkakahalaga ng *P981 million* ang muntik nang makalusot. Hindi pa nailalabas ang *Special Allotment Release Order* ay pirmado na ang mga kontrata.

Buti na lang po ay natuklasan at pinigilan ito ni Secretary Rogelio Singson ng DPWH. Ngayon po ay dadaan na ang kabuuan ng *P3.5 billion* sa tapat na *bidding,* at magagamit na ang pondo na ito sa pagbibigay ng lingap sa mga nawalan ng tahanan dahil kina *Ondoy* at *Pepeng.*

Pag-usapan naman natin ang nangyari sa NAPOCOR. Noong 2001 hanggang 2004, pinilit ng gobyerno ang NAPOCOR na magbenta ng kuryente nang palugi para hindi tumaas ang presyo. Tila ang dahilan: pinaghahandaan na nila ang eleksyon.

Dahil dito, noong 2004, sumagad ang pagkakabaon sa utang ng NAPOCOR. Napilitan ang pambansang gobyerno na sagutin ang dalawandaang bilyong pisong utang nito.

Ang inakala ng taumbayan na natipid nila sa kuryente ay binabayaran din natin mula sa kaban ng bayan. May gastos na tayo sa kuryente, binabayaran pa natin ang dagdag na pagkakautang ng gobyerno.

Kung naging matino ang pag-utang, sana'y nadagdagan ang ating kasiguruhan sa *supply* ng kuryente. Pero ang desisyon ay ibinatay sa maling pulitika, at hindi sa pangangailangan ng taumbayan. Ang taumbayan, matapos pinag-sakripisyo, ay lalo pang pinahirapan.

Ganito rin po ang nangyari sa MRT. Sinubukan na namang bilhin ang ating pagmamahal. Pinilit ang *operator* na panatilihing mababa ang pamasahe.

Hindi tuloy nagampanan ang garantiyang ibinigay sa *operator* na mababawi nila ang kanilang puhunan. Dahil dito, inutusan ang *Landbank* at *Development Bank of the Philippines* na bilhin ang *MRT.*

Ang pera ng taumbayan, ipinagpalit sa isang naluluging operasyon.

Dumako naman po tayo sa pondo ng NFA.

***Noong 2004:*** *117,000 metric tons* ang pagkukulang ng *supply* ng Pilipinas. Ang binili nila, *900,000 metric tons.* Kahit ulitin mo pa ng mahigit pitong beses ang pagkukulang, sobra pa rin ang binili nila.

***Noong 2007:*** *589,000 metric tons* ang pagkukulang ng *supply* sa Pilipinas. Ang binili

nila, *1.827 million metric tons*. Kahit ulitin mo pa ng mahigit tatlong beses ang pagkukulang, sobra na naman ang binili nila.

Ang masakit nito, dahil sobra-sobra ang binibili nila taun-taon, nabubulok lang pala sa mga kamalig ang bigas, kagaya ng nangyari noong 2008.

Hindi po ba krimen ito, na hinahayaan nilang mabulok ang bigas, sa kabila ng apat na milyong Pilipinong hindi kumakain ng tatlong beses sa isang araw?

Ang resulta nito, umabot na sa *P171.6 billion* ang utang ng NFA noong Mayo ng taong ito.

Ang tinapon na ito, halos puwede na sanang pondohan ang mga sumusunod:

Ang budget ng buong Hudikatura, na *P12.7 billion* sa taong ito.

Ang *Conditional Cash Transfers* para sa susunod na taon, na nagkakahalaga ng *P29.6 billion.*

Ang lahat ng *classroom* na kailangan ng ating bansa, na nagkakahalaga ng *P130 billion.*

Kasuklam-suklam ang kalakarang ito. Pera na, naging bato pa.

Narinig po ninyo kung paano nilustay ang kaban ng bayan. Ang malinaw po sa ngayon: ang anumang pagbabago ay magmumula sa pagsiguro natin na magwawakas na ang pagiging maluho at pagwawaldas.

Kaya nga po mula ngayon: ititigil na natin ang paglulustay sa salapi ng bayan.

Tatanggalin natin ang mga proyektong mali.

Ito po ang punto ng tinatawag nating *zero-based approach* sa ating *budget*. Ang naging kalakaran po, taun-taon ay inuulit lamang ang *budget* na puno ng tagas. Dadagdagan lang nang konti, puwede na.

Sa susunod na buwan ay maghahain tayo ng *budget* na kumikilala nang tama sa mga problema, at magtutuon din ng pansin sa tamang solusyon.

Ilan lang ito sa mga natuklasan nating problema. Heto naman po ang ilang halimbawa ng mga hakbang na ginagawa natin.

Nandiyan po ang kaso ng isang may-ari ng sanglaan. Bumili siya ng sasakyang tinatayang nasa dalawampu't anim na milyong piso ang halaga.

Kung kaya mong bumili ng *Lamborghini,* bakit hindi mo kayang magbayad ng buwis?

Nasampahan na po ito ng kaso. Sa pangunguna nina Finance Secretary Cesar Purisima, Justice Secretary Leila de Lima, BIR Commissioner Kim Henares at Customs Commissioner Lito Alvarez, bawat linggo po ay may bago tayong kasong isinasampa kontra sa mga *smuggler* at sa mga hindi nagbabayad ng tamang buwis.

Natukoy na rin po ang salarin sa mga kaso nina Francisco Baldomero, Jose Daguio at Miguel Belen, tatlo sa anim na insidente ng *extralegal killings* mula nang umupo tayo.

Singkuwenta porsyento po ng mga insidente ng *extralegal killings* na nangyari sa maikling taon ng ating panunungkulan ang patungo na sa kanilang resolusyon.

Ang natitira pong kalahati ay hindi natin tatantanan ang pag-usig hanggang makamit ang katarungan.

Pananagutin natin ang mga mamamatay-tao. Pananagutin din natin ang mga *corrupt* sa gobyerno.

Nagsimula nang mabuo ang ating *Truth Commission,* sa pangunguna ni dating Chief Justice Hilario Davide. Hahanapin natin ang katotohanan sa mga nangyari diumanong katiwalian noong nakaraang siyam na taon.

Sa loob ng linggong ito, pipirmahan ko ang kauna-unahang *Executive Order* na nagtatalaga sa pagbuo nitong *Truth Commission.*

Kung ang sagot sa kawalan ng katarungan ay pananagutan, ang sagot naman sa kakulangan natin sa pondo ay mga makabago at malikhaing paraan para tugunan ang mga pagkatagal-tagal nang problema.

Napakarami po ng ating pangangailangan: mula sa edukasyon, imprastraktura, pangkalusugan, pangangailangan ng militar at kapulisan, at marami pang iba. Hindi kakasya ang pondo para mapunan ang lahat ng ito.

Kahit gaano po kalaki ang kakulangan para mapunuan ang mga listahan ng ating pangangailangan, ganado pa rin ako dahil marami nang nagpakita ng panibagong interes at kumpyansa sa Pilipinas.

Ito ang magiging solusyon: mga *Public-Private Partnerships*. Kahit wala pa pong pirmahang nangyayari dito, masasabi kong maganda ang magiging bunga ng maraming usapin ukol dito.

May mga nagpakita na po ng interes, gustong magtayo ng *expressway* na mula Maynila, tatahak ng Bulacan, Nueva Ecija,

Nueva Vizcaya, hanggang sa dulo ng Cagayan Valley nang hindi gugugol ang estado kahit na po piso.

Sa larangan ng ating Sandatahang Lakas:

Mayroon po tayong *36,000 nautical miles* na baybayin. Ang mayroon lamang tayo: tatlumpu't dalawang barko. Itong mga barkong ito, panahon pa ni General MacArthur.

May nagmungkahi sa atin, ito ang proposisyon: uupahan po nila ang *headquarters* ng Navy sa Roxas Boulevard at ang Naval Station sa Fort Bonifacio.

Sagot po nila ang paglipat ng Navy Headquarters sa Camp Aguinaldo. Agaran, bibigyan tayo ng isandaang milyong dolyar. At dagdag pa sa lahat nang iyan, magsusubi pa sila sa atin ng kita mula sa mga negosyong itatayo nila sa uupahan nilang lupa.

Sa madali pong sabi: Makukuha natin ang kailangan natin, hindi tayo gagastos, kikita pa tayo.

Marami na pong nag-alok at nagmungkahi sa atin, mula lokal hanggang dayuhang negosyante, na magpuno ng iba't ibang pangangailangan.

Mula sa mga *public-private partnerships* na ito, lalago ang ating ekonomiya, at bawat Pilipino makikinabang. Napakaraming sektor na matutulungan nito.

Maipapatayo na po ang imprastrakturang kailangan natin para palaguin ang turismo.

Sa agrikultura, makapagtatayo na tayo ng mga *grains terminals, refrigeration facilities*, maayos na *road networks* at *post-harvest facilities*.

Kung maisasaayos natin ang ating *food supply chain* sa tulong ng pribadong sektor, sa halip na mag-angkat tayo ay maari na sana tayong mangarap na mag-*supply* sa pandaig-digang merkado.

Kung maitatayo ang minumungkahi sa ating mga *railway system*, bababa ang presyo ng bilihin. Mas mura, mas mabilis, mas maginhawa, at makakaiwas pa sa *kotong cops* at mga kumokotong na rebelde ang mga bumibiyahe.

Paalala lang po: una sa ating plataporma ang paglikha ng mga trabaho, at nanggagaling ang trabaho sa paglago ng industriya. Lalago lamang ang industriya kung gagawin nating mas malinis, mas mabilis, at mas maginhawa ang proseso para sa mga gustong magnegosyo.

Pabibilisin natin ang proseso ng mga proyektong sumasailalim sa *Build-Operate-Transfer*. Sa tulong ng lahat ng sangay ng gobyerno at ng mga mamamayan, pabababain natin sa anim na buwan ang proseso na noon ay inaabot ng taon kung hindi dekada.

May mga hakbang na rin pong sinisimulan ang DTI, sa pamumuno ni Secretary Gregory Domingo:

Ang walang-katapusang pabalik-balik sa *proseso* ng pagrehistro ng pangalan ng kumpanya, na kada dalaw ay umaabot ng apat hanggang walong oras, ibababa na natin sa labinlimang minuto.

Ang dating listahan ng tatlumpu't anim na *dokumento*, ibababa natin sa anim. Ang dating walong pahinang *application form*, ibababa natin sa isang pahina.

Nananawagan ako sa ating mga LGUs. Habang naghahanap tayo ng paraan para gawing mas mabilis ang pagbubukas ng mga negosyo, pag-aralan din sana nila ang kanilang mga proseso. Kailangan itong gawing mas mabilis, at kailangan itong itugma sa mga sinisumulan nating reporma.

Negosyante, sundalo, rebelde, at karaniwang Pilipino, lahat po makikinabang dito. Basta po hindi dehado ang Pilipino, papasukin po natin lahat iyan.

Kailangan na po nating simulan ang pagtutulungan para makamit ito. Huwag nating pahirapan ang isa't isa.

Parating na po ang panahon na hindi na natin kailangang mamili sa pagitan ng seguridad ng ating mamamayan o sa kinabukasan ng inyong mga anak.

Oras na maipatupad ang *public-private partnerships* na ito, mapopondohan ang mga serbisyong panlipunan, alinsunod sa ating plataporma.

Magkakapondo na po para maipatupad ang mga plano natin sa edukasyon.

Mapapalawak natin ang *basic education cycle* mula sa napakaikling sampung taon tungo sa *global standard* na labindalawang taon.

Madadagdagan natin ang mga *classroom*. Mapopondohan natin ang *service contracting* sa ilalim ng GASTPE.

Pati ang *conditional cash transfers*, na magbabawas ng pabigat sa bulsa ng mga pamilya, madadagdan na rin ng pondo.

Maipapatupad ang plano natin sa PhilHealth.

Una, tutukuyin natin ang tunay na bilang ng mga nangangailangan nito. Sa ngayon, hindi

magkakatugma ang datos. Sabi ng PhilHealth sa isang bibig, walumpu't pitong porsyento na raw ang merong *coverage*. Sa kabilang bibig naman, singkuwenta'y tres porsyento. Ayon naman sa National Statistics Office, tatlumpu't walong porsyento ang may coverage.

Ngayon pa lang, kumikilos na si Secretary Dinky Soliman at ang DSWD upang ipatupad ang *National Household Targetting System*, na magtutukoy sa mga pamilyang higit na nagangailangan ng tulong. Tinatayang siyam na bilyon ang kailangan para mabigyan ng PhilHealth ang limang milyong pinakamaralitang pamilyang Pilipino.

Napakaganda po ng hinaharap natin. Kasama na po natin ang pribadong sektor, at kasama na rin natin ang *League of Provinces*, sa pangunguna nina Governor Alfonso Umali kasama sina Governor L-Ray Villafuerte at Governor Icot Petilla. Handa na pong makipagtulungan para makibahagi sa pagtustos ng mga gastusin. Alam ko rin pong hindi magpapahuli ang *League of Cities* sa pangunguna ni Mayor Oscar Rodriguez.

Kung ang mga gobyernong lokal ay nakikiramay na sa ating mga adhikain, ang Kongreso namang pinanggalingan ko, siguro naman maasahan ko din.

Nagpakitang-gilas na po ang gabinete sa pagtukoy ng ating mga problema at sa paglulunsad ng mga solusyon sa loob lamang ng tatlong linggo.

Nang bagyo pong *Basyang*, ang sabi sa atin ng mga may prangkisa sa kuryente, apat na araw na walang kuryente. Dahil sa mabilis na pagkilos ni Secretary Rene Almendras at ng Department of Energy, naibalik ang kuryente sa halos lahat sa loob lamang ng beinte-kwatro oras.

Ito pong sinasabing kakulangan sa tubig sa Metro Manila, kinilusan agad ni Secretary Rogelio Singson at ng DPWH. Hindi na siya naghintay ng utos, kaya nabawasan ang perwisyo.

Nakita na rin natin ang gilas ng mga hinirang nating makatulong sa Gabinete. Makatuwiran naman po sigurong umasa na hindi na sila padadaanin sa butas ng karayom para makumpirma ng *Commission on Appointments*. Kung mangyayari po ito, marami pa sa mga mahuhusay na Pilipino ang maeengganyong magsilbi sa gobyerno.

Sa lalong madaling panahon po, uupo na tayo sa LEDAC at pag-uusapan ang mga mahahalagang batas na kailangan nating ipasa. Makakaasa kayo na mananatiling bukas ang aking isipan, at ang ating ugnayan ay mananatiling tapat.

Isinusulong po natin ang *Fiscal Responsibility Bill*, kung saan hindi tayo magpapasa ng batas na mangangailangan ng pondo kung hindi pa natukoy ang panggagalingan nito. May *P104.1 billion* tayong kailangan para pondohan ang mga batas na naipasa na, ngunit hindi maipatupad.

Kailangan din nating isaayos ang mga insentibong piskal na ibinigay noong nakaraan. Ngayong naghihigpit tayo ng sinturon, kailangang balikan kung alin sa mga ito ang dapat manatili at kung ano ang dapat nang itigil.

Huwag po tayong pumayag na magkaroon ng isa pang NBN-ZTE. Sa lokal man o dayuhan manggagaling ang pondo, dapat dumaan ito sa tamang proseso. Hinihingi ko po ang tulong ninyo upang amiyendahan ang ating *Procurement Law*.

Ayon po sa Saligang Batas, tungkulin ng estado ang siguruhing walang lamangan sa merkado. Bawal ang monopolya, bawal ang mga *cartel* na sasakal sa kumpetisyon. Kailangan po natin ng isang *Anti-Trust Law* na magbibigay-buhay sa mga prinsipyong ito. Ito ang magbibigay ng pagkakataon sa mga *Small- at Medium-scale Enterprises* na makilahok at tumulong sa paglago ng ating ekonomiya.

Ipasa na po natin ang *National Land Use Bill*.

Una rin pong naging batas ng Commonwealth ang *National Defense Act*, na ipinasa noon pang 1935. Kailangan nang palitan ito ng batas na tutugon sa pangangailangan ng pambansang seguridad sa kasalukuyan.

Nakikiusap po akong isulong ang *Whistleblower's Bill* upang patuloy nang iwaksi ang kultura ng takot at pananahimik.

Palalakasin pa lalo ang *Witness Protection Program*. Alalahanin po natin na noong taong 2009 hanggang 2010, may nahatulan sa 95% ng mga kaso kung saan may *witness* na sumailalim sa programang ito.

Kailangang repasuhin ang ating mga batas. Nanawagan po akong umpisahan na ang rekodipikasyon ng ating mga batas, upang siguruhing magkakatugma sila at hindi salu-salungat.

Ito pong mga batas na ito ang batayan ng kaayusan, ngunit ang pundasyon ng lahat ng ginagawa natin ay ang prinsipyong wala tayong mararating kung walang kapayapaan at katahimikan.

Dalawa ang hinaharap nating suliranin sa usapin ng kapayapaan: ang situwasyon sa Mindanao, at ang patuloy na pag-aaklas ng CPP-NPA-NDF.

Tungkol sa situwasyon sa Mindanao: Hindi po nagbabago ang ating pananaw. Mararating lamang ang kapayapaan at katahimikan kung mag-uusap ang lahat ng apektado: Moro, Lumad, at Kristiyano. Inatasan na natin si Dean Marvic Leonen na mangasiwa sa ginagawa nating pakikipag-usap sa MILF.

Iiwasan natin ang mga pagkakamaling nangyari sa nakaraang administrasyon, kung saan binulaga na lang ang mga mamamayan ng Mindanao. Hindi tayo puwedeng magbulag-bulagan sa mga dudang may kulay ng pulitika ang proseso, at hindi ang kapakanan ng taumbayan ang tanging interes.

Kinikilala natin ang mga hakbang na ginagawa ng MILF sa pamamagitan ng pagdidisplina sa kanilang hanay. Inaasahan natin na muling magsisimula ang negosasyon pagkatapos ng Ramadan.

Tungkol naman po sa CPP-NPA-NDF: handa na ba kayong maglaan ng kongkretong mungkahi, sa halip na pawang batikos lamang?

Kung kapayapaan din ang hangad ninyo, handa po kami sa malawakang tigil-putukan. Kayo po ba ay handa na din? Mag-usap tayo.

Mahirap magsimula ang usapan habang mayroon pang amoy ng pulbura sa hangin. Nananawagan ako: huwag po natin hayaang masayang ang napakagandang pagkakataong ito upang magtipon sa ilalim ng iisang adhikain.

Kapayapaan at katahimikan po ang pundasyon ng kaunlaran. Habang nagpapatuloy ang barilan, patuloy din ang pagkakagapos natin sa kahirapan.

Dapat din po nating mabatid: ito ay panahon ng sakripisyo. At ang sakripisyong ito ay magiging puhunan para sa ating kinabukasan. Kaakibat ng ating mga karapatan at kalayaan ay ang tungkulin natin sa kapwa at sa bayan.

Inaasahan ko po ang ating mga kaibigan sa *media*, lalo na sa radyo at sa *print*, sa mga nagba*block-time*, at sa *community newspapers*, kayo na po mismo ang magbantay sa inyong hanay.

Mabigyang-buhay sana ang mga batayang prinsipyo ng inyong bokasyon: ang magbigay-linaw sa mahahalagang isyu, ang maging patas at makatotohanan, at ang itaas ang antas ng pampublikong diskurso.

Tungkulin po ng bawat Pilipino na tutukan ang mga pinunong tayo rin naman ang nagluklok sa puwesto. Humakbang mula sa pakikialam tungo sa pakikilahok. Dahil ang nakikialam, walang-hanggan ang reklamo. Ang nakikilahok, nakikibahagi sa solusyon.

Napakatagal na pong namamayani ang pananaw na ang susi sa asenso ay ang intindihin ang sarili kaysa intindihin ang kapwa. Malinaw po sa akin: paano tayo aasenso habang nilalamangan ang kapwa?

Ang hindi nabigyan ng pagkakataong mag-aral, paanong makakakuha ng trabaho? Kung walang trabaho, paanong magiging *consumer*? Paanong mag-iimpok sa bangko?

Ngunit kung babaliktarin natin ang pananaw – kung iisipin nating "Dadagdagan ko ang kakayahan ng aking kapwa" – magbubunga po ito, at ang lahat ay magkakaroon ng pagkakataon.

Maganda na po ang nasimulan natin. At mas lalong maganda po ang mararating natin. Ngunit huwag nating kalimutan na mayroong mga nagnanasang hindi tayo magtagumpay. Dahil kapag hindi tayo nagtagumpay, makakabalik na naman sila sa kapangyarihan, at sa pagsasamantala sa taumbayan.

Akin pong paniwala na Diyos at taumbayan ang nagdala sa ating kinalalagyan ngayon. Habang nakatutok tayo sa kapakanan ng ating kapwa, bendisyon at patnubay ay tiyak na maaasahan natin sa Poong Maykapal. At kapag nanalig tayo na ang kasangga natin ay ang Diyos, mayroon ba tayong hindi kakayanin?

Ang mandato nating nakuha sa huling eleksyon ay patunay na umaasa pa rin ang Pilipino sa pagbabago. Iba na talaga ang situwasyon. Puwede na muling mangarap. Tayo nang tumungo sa katuparan ng ating mga pinangarap.

Maraming salamat po.

**ADJOURNMENT OF JOINT SESSION**

Thereafter, the President of the Senate and the Speaker of the House of Representatives declared the joint session adjourned.

*It was 4:41 p.m.*

I hereby certify to the correctness of the foregoing.

EMMA LIRIO-REYES
*Secretary of the Senate*

Approved on July 27, 2010